



# Paano Maghahain

## (para sa taong nagdedemanda)

Kung ikaw ay nagdedemanda, ikaw ang *Naghahabla (Plaintiff)*. Ang taong idinedemanda mo ay ang *Nasasakdal (Defendant)*. May isang taong dapat maghain (magbigay) sa Nasasakdal ng mga kopya ng iyong mga papeles ng korte.

**Mag-ingat!** May mga espesyal na tuntunin at mahihigpit na takdang panahon para sa paghahain. Kung hindi mo maingat na susundin ang mga ito, maaaring magbayad ka ng multa sa korte o muling simulan ang iyong kaso.

### 1 Anong mga papeles ang aking ihahain?

Gumawa ng mga kopya at ihain:

- Ang mga *Tawag (Summons)* at ang *Reklamo (Complaint)*
- Anumang ibang mga papeles na iniharap mo sa korte para sa kasong ito.

### 2 Puwede ba akong maging tagahain?

Hindi. Hilingin sa isang kaibigan o kamag-anak na ihain ang mga papeles. O, puwede mong bayaran ang Kagawaran ng Siyerip o kumuha ng “tagahain ng proseso.” Tumingin sa Yellow Pages, sa ilalim ng “Process Serving.”

*Tandaan:* Ang tagahain ay dapat na:

- 18 taong gulang o mas matanda.
- Hindi kasangkot sa iyong kaso.

### 3 Ano ang ginagawa ng tagahain?

Ang tagahain ay dapat na:

- Personal na magbigay sa Nasasakdal ng kopya ng iyong mga papeles ng korte.
- Magpuno at pumirma sa porma ng *Proof of Service* at ibigay ito sa iyo.

### 4 Puwede bang ipakoreo ng tagahain ang mga papeles?

Puwede ka lamang maghain sa pamamagitan ng koreo kung ang Nasasakdal ay handang pumirma at ipakoreo pabalik ang isang porma ng *Notice and Acknowledgement of Receipt* na nagsasabing natanggap niya ang kopya ng iyong mga papeles ng korte.

Kung ipinakoreo ito pabalik ng Nasasakdal, dapat punuan ng tagahain ang isang *Proof of Service* at ibigay ito sa iyo kasama ng pinirmahang *Notice and Acknowledgement of Receipt*.

Kung hindi ito ipinakoreo pabalik ng Nasasakdal, dapat kang gumawa ng personal na paghahain.

### 5 Paano kung hindi mahanap ng tagahain ang Nasasakdal para personal na hainan?

Kung maraming ulit nang nagtangka ang tagahain, pero nabigo, na hainan ang Nasasakdal sa bahay o trabaho, (tinatawag na ‘*matapat*’ na pagsisikap) sabihin sa tagahain na sundin ang mga hakbang na ito para sa *ipinalit na paghahain (substituted service)*.

### Paano gagawa ng Ipinalit na Paghahain:

Sabihin sa tagahain na:

- Ibigay ang mga papeles sa isang responsableng may sapat na gulang kung saan nakatira ang Nasasakdal, o sa isang taong nangangasiwa kung saan nagtatrabaho ng Nasasakdal.
- Sabihin, “Ang mga ito ay mga papeles ng korte.”
- At saka, ipakoreo (primera klase) ang isang kopya ng mga papeles sa Nasasakdal sa address kung saan niya iniwan ang mga papeles.
- Punuan ang pirmahan ang porma ng *Proof of Service* at ibalik ito sa iyo.
- Punuan ang porma ng *Declaration of Due Diligence* upang ipaliwanag nang detalyado ang lahat ng bagay na ginawa niya upang personal na hainan ang Nasasakdal.

### 6 Ano ang gagawin ko sa kinumpletong Katunayan ng Paghahain?

Iharap ang iyong *Proof of Service* at ibang mga papeles ng korte sa Opisina ng Klerk sa Silid 103. Kung may isang *Notice and Acknowledgement of Receipt*, iharap din ito.

### 7 Makakatulong ba sa akin ang ACCESS?

Ang ACCESS ay puwede lamang magpaliwanag kung paano dapat ihain ang mga papeles na pambatas.

### 8 Paano kung kailangan ko ng karagdagang tulong?

Tawagan ang San Francisco Bar Association. Humingi ng isang abugado na makakatulong sa iyo. Kung maliit ang iyong kinikita, itanong sa kanila kung kuwalipikado ka sa libre o murang tulong na pambatas.

**415-989-1616**



**ACCESS**

**San Francisco Superior Court**

400 McAllister Street

Room 208

San Francisco, CA

94102-4514

**415.551.5880**

[www.sfgov.org/courts](http://www.sfgov.org/courts)